

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Patuloy na itinataguyod ng Lungsod ng Brampton ang isang Patas na Deal sa halaga ng insurance sa sasakyan

BRAMPTON, ON (Pebrero 14, 2022) – Patuloy na nananawagan ang Lungsod ng Brampton sa Pamahalaang Panlalawigan na [repasuhin at ireporma ang mga halaga ng insurance sa sasakyan sa Ontario](#).

Noong Abril 2021, magkaisang ipinasa ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang isang resolusyon na nagdedetalye sa kung paano nagbabayad ang mga residente ng Brampton sa pinaka-mataas na halaga ng insurance sa sasakyan sa Ontario, at [inilunsad ang kamapnaya nitong #FairDealForBrampton](#). Hanggang ngayon, higit sa 19,000 residente ang sumali sa kampanya sa pamamagitan ng pagpirma sa petisyon.

Sa nakalipas na buwan, inilathala ng RATESDOTCA ang isang artikulo tungkol sa [mga premium ng insurance sa sasakyan para sa mga lungsod ng Ontario](#) batay sa Auto Insuramap nito, na nagtatakda sa mga premium batay sa mga postal code. Binabanggit ng artikulo ang kampanyang **#FairDealForBrampton** ng Lungsod para ipagbawal sa mga kumpanya ng insurance na gamitin ang mga postal code o area code bilang pangunahing mga factor sa pagtatakda ng mga halaga ng insurance. Sa Brampton, ang mga halaga ay bumaba ng 26.8 porsiyento, o mula \$2,698 pababa sa \$1,975, sa 2021. Ang Brampton ay nagmula sa pinaka-mahal na lungsod sa Ontario tungo sa pang-apat na pinaka-mahal na lungsod.

Hinihiling ng Konseho ng Lungsod ng Brampton sa Pamahalaan ng Ontario na isulong ang Bill 42, ang *Ending Discrimination in Automobile Insurance Act*, para gawing mas patas ang buhay at mas abot-kaya para sa mga residente ng Brampton.

Mas maraming impormasyon tungkol sa kampanya ng Lungsod na #FairDealForBrampton ang makikita sa www.brampton.ca/fairdealforbrampton.ca.

Mga Quote

“Habang ang ating mga residente at mga tao sa buong Ontario ay patuloy na nakikipaghamok sa pinansyal na mga hamon na lumitaw mula sa pandemyang COVID-19, ang lahat ng antas ng pamahalaan ay kailangang magtutulungan para tugunan ang mataas na gastos sa insurance sa sasakyan sa ating lalawigan. Mula nang inilunsad natin ang ating kampanyang #FairDealForBrampton, higit sa 19,000 residente ang sumama sa atin sa panawagan para sa pagbabago ng industriya sa insurance. Magkakasamang naninindigan ang Konseho ng Lungsod ng Brampton at ang mga residente sa pananawagan sa panlalawigang pamahalaan na isulong ang Bill 42, *ang Ending Discrimination in*

Automobile Insurance Act, at para wakasan ang diskriminasyon sa postal code sa pagpapasya sa mga halaga ng insurance."

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

"Kahit na isang katanggap-tanggap na balita na ang premium sa insurance sa auto ay bumaba sa Brampton sa nakalipas na taon, ang ating mga residente ay patuloy na nagbabayad ng kasama sa pinakamataas na mga rate sa lalawigan dahil sa kanilang mga postal code. Muli, nananawagan ang Konseho ng Lungsod ng Brampton sa pamahalaang panlalawigan na repasuhin at ireporma ang mga rate ng insurance sa sasakyan sa Ontario, para makakakuha tayo ng isang #FairDealForBrampton at ang buhay ay magiging mas abot-kaya para sa ating mga drayber sa lungsod."

- *Gurpreet Dhillon, Rehiyonal na Konsehal, Wards 9 at 10, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca